

**BE SAFE
CHICAGO** ★★



**Maging Ligtas.
Mga Venue ng Event**

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Nangangailangan ang maingat na pagbubukas ng Chicago ng:

Mga mabubuting pakikisalamuha

Pagdistansya sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na pagdistansya sa iba pang tao

Laki ng pagtitipon



Mga limitasyon sa mga pagtitipon ng mga indibidwal

Pamprotektang kagamitan



Paggamit ng pamprotektang kagamitan ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghuhugas ng kamay)

Mga ligtas na pagdistansya at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon ng pasukan/labasan papunta sa lugar

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga pag-aksyon upang disimpektahin ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga masasanggunan para sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagtatasa sa dami ng taong pumapasok sa lugar, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga flexible na modelo



Flexibility sa sick leave at remote na pagtatrabaho (kapag maaari)

Katatagan ng mga operasyon



Suporta para sa flexibility ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

-Inirerekomandang patnubay-


BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Larawang halimbawa



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ano ang maaaring maging kaibahan?

- 1 **Isinisilbi ng isang empleyado o vendor** na nakasuot ng PPE ang mga buffet o iba pang self-serve na istasyon ng pagkain
- 2 Kinakailangang magsuot ang lahat ng indibidwal ng **mga panakip sa mukha** sa tuwina, maliban kapag nakaupo at kumakain
- 3 Ilayo ang stage/mga lugar na pagtatanghalan mula sa **event** nang hindi bababa sa 10 talampakan na distansya
- 4 Limitado ang mga bisita nang **hindi lalagpas sa 6 tao /table, na may mga mesa na 6 na talampakan ang agwat**
- 5 **May nakapaskil na nakikitang patnubay sa buong venue** ukol sa mga pamantayan sa kalinisan para sa mga empleyado at bisita
- 6 Namarkahan nang naaangkop na gabay ukol sa pisikal na **pagdistansya ang mga lugar** (hal., mga bar at buffet) **kung saan nagtitipon-tipon ang mga bisita**

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang >6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal at masisikip na lugar

- Ilagay ang mga lamesa nang may 6 na talampakan ang layo sa isa't isa, huwag ipagamit ang ibang lamesa, at/o magdagdag ng mga pisikal na harang (hal., Plexiglass) sa pagitan ng mga lamesa kung hindi puwedeng ilipat ito
- Gumamit ng mga impermeable na harang kapag hindi maaari ang pagdistansya sa kapwa nang 6 na talampakan (hal., sa mga check-in counter ng event, mga register)
- Malinaw na markahan ang anumang lugar kung saan pumipila ang mga bisita (hal., mga check-stands at terminal, bars at buffet, banyo, atbp.) nang may naaangkop na patnubay para sa pisikal na pagdistansya
- Tiyaking hindi bababa sa 10 talampakang man lang ang layo ng entablado o iba pang itinalagang lugar para sa mga magtatanghal (hal., mga dancer, singer, band) mula sa mga manonood
- Tiyakin na nananatiling mahina ang lakas ng musika upang mapanatili ng empleyado o vendor, at mga bisita ang pagdistansya sa kapwa habang nakikipag-usap sila sa isa't isa (hal., kapag kinukuha ang mga order)

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Limitahan ang mga bisita nang hindi hihigit sa 6 tao / lamesa at 50 katao / kuwarto

- Limitahan ang mga bisita nang hindi hihigit sa 6 tao / lamesa
- Limitahan ang bawat panlabas na espasyo /kuwarto sa hindi hihigit sa
 - 50 indibidwal, habang isinasagawa ang pagdistansya sa kapwa, o
 - 40% kapasidad (alinman man ang mas mababa)
- Pinapayagan ang iba't ibang grupo na 50 ang bilang sa parehong lugar ng event kung ang mga grupo ay nagtitipon sa magkakahiwalay na kuwarto at walang pakikipagsalamuha (hal., mga convention center na may iba't ibang lugar para sa venue)
- Limitahan sa 50 indibidwal ang mga pagtitipon sa labas kung mga nakatayo at/o palipat-lipat/aktibo ang mga bisita (habang isinasagawa ang pagdistansya sa kapwa); pinahihintulutan ang mga pagtitipon sa labas nang hanggang 100 na indibidwal kung ang mga bisita ay mga nakaupo at hindi palipat-lipat (hal., nakaupo sa mga lamesang may upuan)
- Pinahihintulutan ang panlabas na pagkain/pag-inom¹ kung sumusunod ito sa mga kinakailangan na pagdistansya sa kapwa
- Isara ang mga lugar kung saan maaaring magdikit-dikit ang mga indibidwal (hal., mga dance floor)
- Limitahan hangga't maaari ang mga interaksyon sa pagitan ng mga magtatanghal (hal., mga dancer, singer, band) at mga bisita

-Inirerekomendang patnubay-

1. Kabilang sa mga itinuturing na mga panlabas na lugar para kainan at lugar ng inuman ang mga rooftop, mga kuwarto na may naiuurong na bubong at mga panloob na espasyo kung saan maaaring alisin ang 50% o higit pang pader sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana, pintuan o panel kung ang mga lamesang kainan ay nasa loob ng 8 talampakan mula sa bukas

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang paggamit ng pamprotektang kagamitan ng mga empleyado o vendor at bisita

- Sa lahat ng espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring gawin ang mga eksempsyon para sa mga taong may medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Maaaring alisin ang mga pantakip ng mukha kapag nakaupo na at kumakain/umiinom ang mga bisita
- Magbigay ng pagsasanay para sa tamang paggamit ng PPE (kung paano ito isuot, wastong pagtatanggal, atbp.) sa mga empleyado ng venue
- Siguruhin ang pagsusuot ng mga third party contractor, vendor, o nagtatanghal ng wastong PPE sa tuwina habang nagtatrabaho sa lugar ng event (maliban sa live na pagtugtog ng musika o mga pagtatanghal na sinusunod ang mga patnubay ng Pagtatanghal sa Venue at tiyakin ang hindi bababa sa 10 talampakan na distansya sa pagitan ng mga nagtatanghal at bisita)



Tiyakin ang regular na pag-sanitize ng mga kamay at sa mga madalas hawakan, at mga pagsasanay para sa wastong pamamaraan

- Tiyakin na laging may nakahandang magagamit na pang-sanitize ng kamay o mga pasilidad para sa paghuhugas ng kamay para sa bisita, empleyado at vendor
- Magbigay ng pagsasanay para sa wastong paghuhugas ng kamay sa lahat ng empleyado, at maglagay ng nakapaskil na karatula sa mga istasyon (kung naaangkop)
- Magbigay ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho ng empleyado o vendor, tulad ng ServSafe, Pagsasanay para sa Pagdedeliber at Takeout, Pagsasanay sa Paghahanda ng Pagkain, Libreng mga Pagsasanay para sa Muling Pagbubukas ng NRA

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Magtaguyod ng patakaran at protokol sa pagsusuri sa empleyado o vendor

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon silang mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, sinusuri ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na walang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)
- Hindi dapat pumasok sa, o hayaang manatili sa trabaho ang mga empleyado kung may sintomas sila o kapag nagpapakita o nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit

Magtatag ng patakan para sa bisita/third party para sa pagpasok sa mga establisimiyento

- Paunang hilingin na mangako o magsagawa ng pagsusuri na nagbeberipika na ang bisita, vendor, o panlabas na supplier/di-bisita ay kasalukuyang walang ipinapahiwatig na sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan, pasalitang kasunduan, di-pasalitang kasunduan)
- Tiyakin ang paggamit ng mga bisita, supplier at di-bisita na panauhin ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig kapag pumapasok sila sa lugar (maaaring magsagawa ng mga eksempsyon para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Huwag papasukin ang sinumang nagpapakita o natukoy niya mismo sa kanyang sarili na siya'y may mga sintomas (kabilang ang mga bisita, tauhan, o vendor)
- Kung maaari, magbigay ng paunang abiso sa mga bisita bago sila dumating tungkol sa mararanasan nila pagdating, mga protokol sa pagdistansya sa kapwa, at kinakailangang PPE
- Kung naaangkop, ialok sa mga dumarating na bista ang paggamit sa mga pintuan na awtomatikong bumubukas o manu-manong binuksan tulad ng pinahihintulutan ng fire code

-Inirerekomendang patnubay-

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligas. Mga Venue ng Event

Mga ligas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Magtaguyod ng mga pamantayan sa araw-araw na paglilinis ng mga espasyo at mga kagamitang madalas hawakan

- Linisin nang mabuti at i-sanitize ang buong pasilidad bago ang bawat event at sa buong panahon ng event, kung naaangkop
- Regular na subaybayan, linisin at i-sanitize ang mga banyo
- Magbigay ng pagsasanay sa mga pamamaraan ng paglilinis upang matiyak ang kaligtasan at wastong paggamit ng mga pangdisimpekta

Ipatupad ang mga kinakailangang madalas na pag-sanitize sa lahat ng madalas na hinahawakang mga ibabaw/bagay

- Tiyakin na i-sanitize ang lahat ng kagamitan (hal., mga mikropono, instrumento, photobooth) ng mga vendor/nagtatanghal bago at matapos ng bawat paggamit
- Maglagay ng mga disposable na item at kagamitan kung saan maaari (hal., mga menu, container, condiment, linen)
- Linisin at i-sanitize ang mga hindi disposable na item/kagamitan (hal., mga container, pitsel, lamesa, upuan, linen) matapos ang bawat paggamit; tandaan na i-sanitize ang mga bagay para sa susunod na gagamit
- Kung magagawa, gumamit ng mga permanenteng menu board o digital menu



Magbigay ng nakikitang patnubay sa mga pamantayan sa kalinisan at mga kinakailangan para sa pagpasok

- Maglagay ng nakikitang patnubay ng mga pamantayan sa kalinisan para sa mga empleyado, vendor, at bisita sa buong lugar (hal., ipatupad ang pagdistansya sa kapwa gamit ang mga pananda sa sahig)
- Magpaskil ng di-pasalitang kasunduan, mga patnubay at/o pamantayan para sa mga bisita sa pagpasok sa labas ng venue

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligas. Mga Venue ng Event

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Baguhin ang mga kondisyon sa lugar ng trabaho para bawasan ang pakikisalamuha

- Dapat **nakaupo habang kumakain o umiinom** ang lahat ng bisita
- Pinahihintulutan ang pag-upo sa counter/bar kung mapapanatili ang 6 na talampakan na distansya sa pagitan ng mga bisita (isaalang-alang ang paggamit ng Plexiglas sa pagitan ng mga bisita at bartender)
- Para sa mga panlabas na kaganapan, maaaring umupo o tumayo ang mga bisita, na napapailalim sa paghihigpit sa iba't ibang laki ng pagtitipon (tingnan ang seksyong "Laki ng Pagtitipon" - na maximum na 50 indibidwal kung nakatayo at/o palipat-lipat ang mga bisita, o 100 indibidwal kung nakaupo sa mga mesang may upuan ang mga bisita)
- Latas ang maayos na paglinya kapag umoorder sa counter/bar, ngunit mas mainam kung wait service
- Kung magagawa, isaalang-alang ang pag-aayos sa venue upang maitaguyod ang pagdistansya sa kapwa (hal., ilipat ang furniture, maglagay ng pananda sa sahig, at/o isaayos ang mga istasyon ng trabaho upang magkatalikod ang mga manggagawa sa isa't isa)
- Pahintulutan ang pagbubukas muli ng mga cafeteria, buffet, o iba pang self-serve na istasyon ng pagkain kung ang empleyado o vendor ang magsisilbi ng pagkain at nakasuot ang mga ito ng wastong PPE
- Kung magagawa, limitahan ang paggamit ng istasyon ng inumin na mismong mga bisita ang kukuha
- Kung magagawa, magtalaga ng mga hallway, pintuan, o mga daanan na may mga direksyon para sa pasukan at labasan ng customer
- Kung magagawa, maglaan ng hiwalay na mga pasilidad ng banyo para sa mga manggagawa at bisita/third party
- Tapusin at sundin ang mga pamantayan na nakatakda sa [checklist para sa muling pagbubukas ng FDA](#)

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligas. Mga Venue ng Event

Mga ligas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Pabutihin ang bentilasyon at daloy ng hangin

- Sundin ang mga kinakailangan ng FDA para sa bentilasyon: mga sistema ng bentilasyon, kasama ang mga air duct at vent, ito'y dapat malinis, walang amag, at umaandar nang maayos
- Kung magagawa, damihan ang pagdaloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob alinsunod sa [mga alintuntunin ng CDC](#) at mga pamantayan sa paghahanda ng pagkain

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Limitahan ang personal na pagpasok sa trabaho kung saan maaari

- Bawasan ang personal na pakikisalamuha (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng tauhan)
- Tiyakin na ang mga empleyado na kayang magtrabaho mula sa tahanan ay patuloy na magtrabaho mula roon
- Kung magagawa, limitahan ang pagkakasabay-sabay ng shift ng mga empleyado o vendor

Ihikayat ang kaugalian na paglimita sa pakikisalamuha

- Kung magagawa, ihikayat ang paggamit ng cashless/walang pakikisalamuha na pag-order at pagbabayad (hal., para sa mga bar na gumagamit ng "cash")
- Ihikayat ang paggamit ng RSVP upang bigyang-daan ang pag-aayos sa lamesa bilang pagsunod sa mga kinakailangang pagdistansya sa kapwa, paunang pagpapaupo sa mga dumarating, at paunang gabay sa pagdating kabilang ang mga kinakailangan para sa pagpasok (kung naangkop at maaari)

Maging Ligas. Mga Venue ng Event


Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Mga
alituntunin sa
pagbiyahe**



**Pagsusuri/
Pagsubaybay**

Limitahan ang pagbiyahe para sa negosyo

- Kung magagawa, ilimita ang pagbiyahe para sa negosyo gamit ang mga pag-iingat para sa kaligtasan ng industriya
- Kung magagawa, limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lokasyon ng tindahan

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado o vendor, dapat niyang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado o vendor bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyado na nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 dapat mag-quarantine nang mag-isa alinsunod sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho
- Dapat magpanatili ang host ng event ng talaan ng pangalan at matatawagan na impormasyon ng bawat bisita para sa kahit man lang 60 araw matapos ang event

-Inirerekomendang patnubay-





Talahulugan

Pagpupulong: Isang grupo ng mga indibidwal na hindi galing sa isang sambahayan na bahagi ng isang biglaan o planadong kaganapan at nakikisalamuha sa isa't isa nang higit sa sampung minuto

Paghuugas ng kamay: Ang kilos ng masinsinang paglinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Pagdistansya sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

PPE: Personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, face shields); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Maging Ligtas. Mga Venue ng Event

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng trabaho

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):*

<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Patnubay para
sa Venue ng
Event

CDC – *Considerations for events and gatherings:*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/large-events/considerations-for-events-gatherings.html>

OSHA – *Guidance for venues & Beverage Vendors Offering Takeout or Curbside Pickup:* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA4017.pdf>

FDA – *Food Safety and the Coronavirus:*

<https://www.fda.gov/food/food-safety-during-emergencies/food-safety-and-coronavirus-disease-2019-covid-19>

Pahayag ng
Pagtanggi

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaghinawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

-Inirerekomendang patnubay-

